# KAPASIYAHAN BLG. 2021-82

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 01–2021 NA NAGBABAWAL SA ILLEGAL NA ISTRAKTURA, KONTRUKSYON, PAGPARADA NG MGA SASAKYAN AT ANUMANG BAGAY NA NAKAKASAGABAL ISANG METRO SA GILID NG KALSADA O LANSANGAN NA NASASAKUPAN NG BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Martin SJ. Angeles**
*Tagapangulo*
Lupon sa Kaligtasang Bayan at Kaunlarang Barangay

---

**SAPAGKA'T,** ang layunin ng Sangguniang Barangay ng Tanawan na mapaluwag, mapabilis ang daloy ng trapiko at maiwasan ang mga nakakaabala sa kalsada;

**SAPAGKA'T**, ang Kautusang Barangay na ito ay tumatalima sa Memorandum Circular No. 2020-145 na inilabas ng Department of Interior and Local Government noong Oktubre 2020;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Sekyon 17(b) ng Batas Republika 7160 o mas-kilala bilang Local Government Code of 1991 na nag-uutos sa mga namumuno na panatilihing walang nakakasagabal sa mga kalsadahin sa kanilang hurisdiksyon;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Seksyon 64 ng Pambayang Kautusang Blg. 24, S-2008, o ang Traffic Code ng Bustos kung saan ipinagbabawal ang anumang nakakahadlang sa maayos na daloy ng trapiko.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MARTIN SJ. ANGELES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 01-2021 na nagbabawal sa illegal na istraktura, konstruksyon, pagparada ng mga sasakyan at anumang bagay na nakakasagabal isang metro sa gilid ng kalsada

kalsada o lansangan na nasasakupan ng Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-21 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ▪ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-21 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim